UNITED STATES DISTRICT COURT
WESTERN DISTRICT OF OKLAHOMA

Madelyn Casilao, Harry Lincuna and Allan Garcia
Laban sa
Hotelmacher LLC, doing business as Holiday Inn Express; Steakmacher, LLC, doing business as Montana Mike's Steakhouse; Schumacher Investments, LLC, doing business as Water Zoo; Apex USA, Inc.; Walter Schumacher; and Carolyn Schumacher

Kaso Bilang 5:17-cv-00800-SLP

PARA KAY:
Jane Doe
EMAIL

Tingnan www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit

para sa karagdagan na impormasyon

Ang Paunawang ito ay maaari ding makuha sa Tagalog.

Paunawa ng Paghabla ng Grupo ng mga Tao Na Parehas Ang Sitwasyon para sa mga Pilipinong H-2B na Manggagawa sa Kompanyang Pagmamay-ari ng Walter at Carolyn Schumacher mula 2008 hanggang 2014

Ito ay isang paunawa na may pahintulot ng korte. Ito ay hindi isang pag-aalok ng serbisyo mula sa isang abogado.

Kung ikaw ay isang Pilipino na nag trabaho para sa Montana Mike's Steakhouse, Holiday Inn Express o Water Zoo sa Clinton, Oklahoma sa ilalim ng H-2B visa sa pagitan ng Enero 1, 2008 at Disyembre 31, 2014, ang paunawa ng paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon na ito ay nakakaapekto sa iyong mga karapatan, **kayo man ay kumilos o hindi**. Mangyaring basahin nang mabuti ang buong paunawa.

Tatlo na dating mga H-2B na mga manggagawa na nagtrabaho sa Clinton, Oklahoma para sa Steakmacher, LLC d/b/a Montana Mike's Steakhouse ("Steakmacher"), Hotelmacher, LLC d/b/a Holiday Inn Express ("Hotelmacher") at Schumacher Investments, LLC d/b/a The Water Zoo ("Water Zoo") ay idenimanda ang mga kumpanyang ito, ang kanilang diumanong mga may-ari na sila Walter at Carolyn Schumacher (ang "Schumachers") at Apex USA, Inc. ("Apex") (magkasama, "mga Nasasakdal"), nagpaparatang ng sapilitan na pagpatrabaho at paglabag sa kontrata. Pinahintulutan ng Hukuman na magpatuloy ang demanda na ito bilang isang paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon sa ngalan ng lahat ng H-2B na mga manggagawa na nagmula sa Pilipinas na na-isponsoran o nagtrabaho para sa mga Nasasakdal sa ilalim ng H-2B na mga visa sa pagitan ng 2008 at 2014.

Ang layunin ng Paunawa na ito ay upang ipahayag sa iyo ang tungkol sa demanda, upang ipahayag sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan, at upang ipaliwanag kung paano maaaring maka-apekto ang demanda na ito sa iyong mga karapatan. Ang iyong mga legal na karapatan ay maaaring maapektuhan, at ikaw ay mayroong mapipili na gawin ngayon:

Ang abiso na ito at ang mga nilalaman nito ay pinahintulutan ng Korte ng Distrito ng Estados Unidos para sa Kanlurang Distrito ng Oklahoma, ang Honorable Scott L. Palk na namumuno. Ang Korte ay hindi nagpahayag ng anumang opinyon tungkol sa mga merito ng kasong ito, at hindi nagpasya kung ang mga Nagsasakdal o ang mga Nasasakdal ay tama o mali.

Inyong mga Karapatan at mga Pagpipilian sa Demanda na ito Mga Karapatan at mga pag-pipilian – at ang mga takdang-petsa upang magamit ito – ay ipinaliwanag sa paunawa na ito.	
Walang gagawin	Hindi mo kinakailangang gumawa ng kahit anong hakbang upang maging bahagi ng demanda. Sa hindi paggawa ng kahit ano, maaaring makatanggap ka ng kabayaran sa pinsala o iba pang tulong na maaaring manggaling sa paglilitis o areglo, ngunit iyong isusuko ang kahit na anong karapatan na i-demanda ang mga Nasasakdal ng magkabukod patungkol sa mga parehong legal na paghahabol sa demanda na ito, sa kabila ng lahat maging matagumpay man o hindi ang paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon.
Hilingin na Huwag isama ("Hindi Kasali")	Maaari mong hilingin na hindi maisama sa demanda na ito at magpatuloy ng iyong sariling demanda. Kung iyong hihilingin na hindi isama sa demanda na ito, ikaw ay hindi makikibahagi sa areglo sa pera o kabayaran sa pinsala na igagawad sa demanda na ito, ngunit mapapanatili mo ang anumang mga karapatan upang maidemanda nang magkabukod ang mga Nasasakdal patungkol sa mga pareho na legal na paghahabol sa demanda na ito. **Kung nais ninyo na hindi maisama, ikaw ay kinakailangan na umaksyon bago mag Abril 7, 2022. Karagdagan na detalyadong pagtuturo ay nasa pahina 3 ng paunawa na ito.**

Batayan na Impormasyon

1. Bakit ako nakatanggap ng paunawa na ito?

Ikaw ay nakatanggap ng paunawa na ito sapagkat ang mga rekord ay nagpapakita na sa pagitan ng 2008 at 2014 , ikaw ay dumating sa Estados Unidos mula sa Pilipinas na may H-2B na visa, at isa o higit pa sa mga sumusunod na mga kumpanya o mga tao na diumano ay nag-petisyon para sa iyo upang ikaw ay makapunta sa Estados Unidos o ang iyong tunay at totohanan na amo:

- Hotelmacher LLC, nagnenegosyo bilang Holiday Inn Express;
- Steakmacher, LLC, nagnenegosyo bilang Montana Mike's Steakhouse;
- Schumacher Investments, LLC, nagnenegosyo bilang Water Zoo;
- Apex USA, Inc.;
- Walter Schumacher;
- Carolyn Schumacher.

Isang paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon ang isinampa laban sa mga kumpanya na ito at mga indibidwal na sinasabing nangalap sila ng mga manggagawang H-2B mula sa Pilipinas sa pamamagitan ng maling mga pangako tungkol sa suweldo at mga kondisyon sa pagtatrabaho. Itinanggi ng mga Nasasakdal ang lahat ng mga paratang mula sa demanda na ito. Ang demanda as kilala bilang *Casilao et al. v. Hotelmacher, et*

al., No. 17-cv-583-SLP (W.D. Okla.). Ang Kagalang-galang na si Scott L. Palk, Hukom ng Hukuman ng Distrito ng Estados Unidos sa Kanlurang Distrito ng Oklahoma, ay ang nangangasiwa sa demanda na ito.

Pinag-utos ng Hukuman na ipadala sa iyo ang paunawa na ito dahil ikaw ay miyembro ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa ng mga nasasakdal sa demandang ito. May mga legal na karapatan na maaari mong gamitin bago magsagawa ng paglilitis ang Hukuman upang magpasya kung ang mga paghahabol na ginawa laban sa mga Nasasakdal, sa ngalan mo, ay tama.

2. Ano ang paghabla ng grupo nga mga tao na parehas ang sitwasyon demanda at sino ang kasangkot?

Sa isang paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon, isa o higit pang mga tao na tinatawag na "Mga Kinatawan ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal" ay nagsampa sa ngalan ng ibang mga tao na may katulad na mga paghahabol. Lahat ng mga tao na magkakasama ay ang "Grupo ng mga Tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga Nasasakdal" o "Miyembro ng Grupo ng mga Tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga Nasasakdal." Ang mga Kinatawan ng Grupo ng mga Tao at Mga Miyembro ng Grupo ng Tao na magkasama ay ang "Mga Nagsasakdal." Ang mga taong idenidemanda ay ang mga “Nasasakdal”. Sa kaso na ito ang mga Nasasakdal ay ang Hotelmacher LLC, nagnenegosyo bilang Holiday Inn Express; Steakmacher, LLC, nagnenegosyo bilang Montana Mike’s Steakhouse; Schumacher Investments, LLC, nagnenegosyo bilang Water Zoo; Apex USA, Inc.; Walter Schumacher; at Carolyn Schumacher. Sa paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon, isang hukuman ang magpapasya sa mga pinagtatalunan para sa lahat na nasa Grupo ng mgaTao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal – maliban sa mga taong pipiliing ibukod ang kanilang mga sarili sa (*halimbawa*, piliin na hindi sumali sa) Grupo ng mgaTao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal.

3. Tungkol saan ang demanda na ito?

Hinahabol ng mga Nagsasakdal na ang mga Nasasakdal ay gumawa ng ilang maling mga pangako sa mga Nagsasakdal upang kunin sila mula sa Pilipinas upang magtrabaho sa Clinton, Oklahoma. Sinasabi ng mga Nagsasakdal ng sila ay dumating sa Clinton, Oklahoma, hindi tinupad ng mga Nasasakdal ang kanilang mga pangako, na kinabibilangan ng: pagbabalik ng pera para sa gastos sa paglalakbay tungo sa Clinton; pagbibigay ng libreng pagkain at pabahay sa Clinton; full-time na trabaho; at/o babayaran sa isang nakapirming sahod kada oras (o “garantisadong minimum”). Hinahabol rin ng mga Nagsasakdal na sa pamamagitan ng pagsira sa mga pangakong ito, nilabag ng mga Nasasakdal ang mga kontratang pinasok nila sa mga Nagsasakdal at sa gobyerno ng Pilipinas, at pinilit ang mga Nagsasakdal na magtrabaho para sa mga Nasasakdal ayon sa mga patakaran ng mga Nasasakdal. Ang mga Nagsasakdal ay humihingi ng kabayaran mula sa mga Nasasakdal upang malunasan ang mga nasirang pangako at sapilitang pagpapatrabaho na kanilang sinailaliman sa Clinton, Oklahoma. Itinatanggi ng mga Nasasakdal ang lahat ng mga paratang ng Nagsasakdal.

Ang Hukuman ay hindi pa nakagpasya kung sino ang tama o mali. Sa pagpayag na magpatuloy ang kaso na ito bilang paghabla ng mga tao na parehas ang sitwasyon, hindi iminumungkahi ng Hukuman na ang mga Nagsasakdal ay mananalo o matatalo sa kaso. Ang mga Nagsasakdal ay kinakailangan pa rin na patunayan ang kanilang mga paghahabol sa paglilitis.

4. Bakit isang Paghabla ng Grupo ng mga Tao na Parehas ang Sitwasyon ang demanda na ito?

Napagpasyahan ng Hukuman na ang demanda na ito ay maaaring isang paghabla ng grupo ng mga tao na parehas ang sitwasyon dahil, sa pananaw ng Hukuman, ang demanda na ito ay tumutugon sa mga kinakailangan ng Pederal na Patakaran ng Sibil na Pamamaraan 23 (Federal Rule of Civil Procedure 23), na namamahala sa mga demanda sa kapakanan ng isang grupo ng tao sa mga pederal na hukuman. Higit pang impormasyon

tungkol sa kung bakit pinapayagan ng Hukuman na maging demanda sa kapakanan ng isang grupo ng tao ang demanda na ito ay nasa Kautusan ng Hukuman na nagpapatunay sa Isang Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal, na makukuha sa www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit.

Iyong Mga Karapatan at Mga Pagpipilian

5. Ako ba ay bahagi ng Klase?

Ang Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal na pinatunayan ni Hukom Palk ay kinabibilangan ng lahat ng mamamayang Pilipino na dumating sa Estados Unidos bilang mga pansamantalang manggagawa H-2B sa pagitan ng Enero 1, 2008 hanggang Disyembre 31, 2014 at na-inisponsoran ng o nagtrabaho para sa isa sa mga Nasasakdal pagdating sa Estados Unidos.

Kung ikaw ay hindi sigurado kung ikaw ay kasama, maaari kang makakuha ng libreng tulong sa www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga abogado na itinalaga ng Hukuman upang kumatawan sa isang Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal sa kasong ito sa schumacher_lawsuit@legalaidatwork.org. Huwag ninyo kontakin ang Hukuman.

6. Ano ang mangyayari kung wala man lang akong gagawin?

Kung wala kang gagawin, mananatili kang miyembro ng mga Tao na nagdusa sa parehong kamalian s kamay ng mga nasasakdal at pananatilihin ang posibilidad na makibahagi sa anumang mga pananalapi para sa pinsala o iba pang kaluwagan na maaaring magmula sa isang paglilitis o areglo, ngunit isusuko ang pagkakataong idemanda ang mga Nasasakdal nang magkahiwalay para sa parehong mga paghahabol. Mapapasa-ilalim ka sa anumang desisyon, areglo, o paghatol tungkol sa mga paghahabol sa kasong ito, pabor man o hindi pabor.

7. Ano ang mangyayari kung hihilingin kong hindi isama sa (*ibig sabihin*, piliin na hindi sumama sa) Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal?

Kung hihilingin mong hindi isama sa (*ibig sabihin*, piliin na hindi sumama sa) Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal, hindi ka makikibahagi sa anumang pananalapi para sa pinsala o iba pang kaluwagan na maaaring magmula sa isang paglilitis o isang areglo sa demandang ito, ngunit mapapanatili mo ang posibilidad na idemanda ang mga Nasasakdal ng magkahiwalay ayon sa parehong hinahabol sa demanda na ito.

Kung ikaw ay magsisimula ng sarili mong demanda laban sa mga Nasasakdal pagkatapos mong ibukod ang iyong sarili, kinakailangan mong kumuha at magbayad ng sarili mong abogado para sa demanda na iyon, at kailangan mong patunayan ang iyong mga paghahabol. Kung ibubukod mo ang iyong sarili upang iyong masimulan o ipagpatuloy ang iyong sariling demanda laban sa mga Nasasakdal, dapat kang makipag-usap sa sarili mong abogado sa lalong madaling panahon, dahil ang iyong mga legal na karapatan ay maaaring mawalan na ng bisa.

8. Paano ko hihilingin na hindi isama sa (*ibig sabihin*, piliin na hindi sumama sa) Grupo ng tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal ?

Upang ibukod ang iyong sarili mula sa (*ibig sabihin*, piliin na hindi sumama sa) Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal, dapat kang magpadala ng “Salaysay ng Pagpili na Hindi Sumama” ("Opt Out Statement") sa anyo ng isang sulat, na ipinadala sa pamamagitan ng koreo o email, na nagsasaad na gusto mo na hindi maisama sa *Casilao v. Hotelmacher*. Siguraduhin na isama ang iyong pangalan

at numero ng telepono o email address, at lagdaan ang sulat. Dapat mong ipadala ang iyong "Salaysay ng Pagpili na Hindi Sumama" ("Opt Out Statement") upang ito ay matanggap o mamarkahan ng koreo bago ang Abril 7, 2022 sa:

Legal Aid at Work
Mail: 180 Montgomery Street, Suite 600
San Francisco, CA 94104
Email: schumacher_lawsuit@legalaidatwork.org

Dapat mong sundin ang mga pamamaraang ito nang husto upang maibukod ang iyong sarili sa Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal.

Kung hihilingin mo na hindi maisama, hindi ka makakatanggap ng anumang benepisyo mula sa kaso, sa pamamagitan man ng pag-areglo, pasya, o hatol.

Ang mga Abogado na Kumakatawan sa Iyo

9. Mayroon ba akong abogado sa kaso na ito?

Ang mga abogado na kumakatawan sa mga Nagsasakdal at sa mga Miyembro grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal tinatawag na " Abogado ng Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal." Ang Hukuman ay nagpasya na ang mga abogado na ito ay kuwalipikado na kumatawan sa iyo at sa iba pang mga Miyembro ng grupo ng mga tao na parehong nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal. Itinalaga sila ng Hukuman bilang Abogado ng Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal sa demanda na ito batay sa isang pagpapasiya na sila ay may kakayahan at karanasan sa paghawak ng mga katulad na kaso. Kung mananatili ka sa Grupo ng mga tao (*ibig sabihin*, hindi mo ibubukod ang iyong sarili), ikaw ay isasakatawan ng Abogado ng Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal.

Higit pang impormasyon tungkol sa Abogado ng Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal ay makukuha sa www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit, at maaari mo silang kontakin sa schumacher_lawsuit@legalaidatwork.org. Sila ay sina:

Meghan Lambert
ACLU OF OKLAHOMA
P.O. Box 13327
Oklahoma City, OK 73113
Telephone: (405) 525-3831

Christopher J. Willett
Caitlin Boehne
EQUAL JUSTICE CENTER
314 E. Highland Mall Blvd., Ste. 401
Austin, Texas 78752
Telephone: (512) 474-0007

Eben Colby
Catherine Fisher
500 Boylston Street, 23rd Floor
Boston, MA 02116
Telephone: (617) 573-4800

George A. Warner
LEGAL AID AT WORK
180 Montgomery Street, Suite 600
San Francisco, CA 94104
Telephone: (415) 864-8848
schumacher_lawsuit@legalaidatwork.org

Alyssa Musante
300 South Grand Avenue
Los Angeles, CA 90071-3144
Telephone: (213) 687-5223

10. Kailangan ko ba kumuha ng sarili kong abogado?

Hindi mo kailangan na kumuha ng sarili mo na abogado dahil ang Abogado ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal ay nagtatrabo para sa kapakanan mo. Ngunit, kung gusto mo ng sariling abogado mo, maaari kang kumuha ng isa sa sarili mong gastos.

11. Paano babayaran ang mga abogado?

Ikaw ay hindi hihilingan na magbayad ng anumang mga bayarin para sa abogado o mga gastos mula sa iyong sariling bulsa, sa halip ng lahat kung ang mga Nagsasakdal ay manalo man sa kaso.

Kung ang mga Abogado ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal ay makakakuha ng pera o mga benepisyo para sa mga tao na nagdusa, sila ay maaring humiling sa Hukuman ng mga bayad at gastos. Hindi mo kinakailangan na bayaran ang mga bayarin at gastos na ito. Kung ibibigay ng Hukuman ang kahilingan ng Mga Abogado ng mga tao na nagdusa, ang mga bayarin at gastusin ay maaaring ibabawas mula sa anumang pera na nakuha para sa Grupo ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal o babayaran nang hiwalay ng mga Nasasakdal.

Ang mga Kinatawan ng mga tao na nagdusa sa kasong ito ay maaari din na humingi ng karagdagan na bayad sa serbisyo upang mabayaran sila para sa trabaho na kanilang ginawa sa pagsisimula at pagpapanatili ng kaso na ito sa ngalan ng Mga Miyembro ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal. Ang anumang pagbabayad ng serbisyo ay sasailalim sa paghihintulot ng Hukuman.

Karagdagan na Impormasyon

12. Ano ang susunod na mangyayari?

Ang demanda ay magpapatuloy patungo sa isang paglilitis. Hindi mo kinakailangan na dumalo sa paglilitis maliban kung naabisuhan. Ihaharap ng Abogado ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal ang kaso para sa mga Nagsasakdal, at ang mga Nasasakdal ay magpapakita ng kanilang mga depensa. Maaari kang pumunta sa iyong sariling gastos.

Kung ang mga Nagsasakdal ay magtagumpay sa paglilitis at makakuha ng kaluwagan para sa mga tao na nagdusa bilang resulta ng paglilitis o isang areglo, ikaw ay papa-abisuhan kung ikaw ay kwalipikadong mag-aplay para sa isang bahagi.

Kung nagbago ang iyong impormasyon sa pag-kontak, at nais mo na makipag-ugnayan sa iyo ang Abogado ng mga tao (*halimbawa*, upang ipaalam sa iyo ang mga kaganapan tungkol sa kaso, atbp.), maaari mong ibigay ang pinakahuli mo na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Abogado ng mga tao na nagdusa, na ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa pahina 4 ng paunawa na ito at sa website ng kaso, , www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit.

13. Nakakaapekto ba ang aking katayuan sa imigrasyon sa aking kakayahang maging bahagi ng kaso?

Hindi. Maaari kang maging Miyembro ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon, at kung ikaw man ay nasa loob o labas ng Estados Unidos.

14. Makakakuha pa ba ng karagdagang mga detalye?

Oo. Makakahanap ka ng karagdagan na impormasyon sa website ng kaso, www.legalaidatwork.org/schumacher-forced-labor-lawsuit, kung saan makikita mo ang demanda na isinampa ng mga Kinatawan ng mga tao na nagdusa sa parehong kamalian sa kamay ng mga nasasakdal sa Hukuman sa ngalan mo at ng iba pang Pilipino na H-2B na mga manggagawa, at ang Kautusan ng Hukuman na nagpapatunay ng Isang Grupo ng Tao. O maaari kang makipag-ugnayan sa Abogado ng mga tao na nagdusa , na ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa pahina 4 ng paunawa na ito.

PETSA 1/7/2022